

## PAANO MAKAKAGAMIT NG MAHUSAY NA PAGSISIMULA (BETTER START)

Upang makagamit ng Better Start, ang mga batang may karapat-dapat na diagnosis ay kailangang makatugon sa lahat ng mga pamantayan sa pagrerehistro at kailangang maging rehistrado bago maging 6 na taong gulang ang mga ito. Ang mga pamilya ay maaaring makakuha ng pondo hanggang ang bata ay maging 7 taong gulang.

### Pagtatasa at Pagrehistro

Upang maging rehistrado sa Better Start kailangang matasa at makumpirma ng Serbisyo ng Pagrehistro at Impormasyon (Registration and Information Service RIS) ang pagiging karapat-dapat ng inyong anak.

Ang pagtatasang ito ay maaaring harap-harapan, sa pamamagitan ng telepono, internet, email o video link. Sa pagtatasang ito kailangang magbigay ng mga dokumento ang magulang o tagapag-alaga sa Tagapayo para sa Pagrehistro at Impormasyon na magpapaliwanag sa inyo tungkol sa proseso.

Tatasahin ang inyong pagiging karapat-dapat at kung makumpirma, ang inyong anak ay irehistro para sa Better Start sa lalong madaling panahon.

### Reperal

Kapag naaprubahan na, makatatanggap kayo ng sulat ng kumpirmasyon ng pagrerehistro ng inyong anak sa Better Start. Makatutulong ang inyong Tagapayo sa RIS sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa inyong anak.

Upang kumontak at magrehistro para sa Better Start tawagan ang Carers Association sa inyong estado o teritoryo sa **1800 242 636**.



Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang **www.betterstart.net.au**

#### CARERS ACT

Tel (02) 6296 9900  
betterstart@carersact.asn.au  
www.carersact.asn.au

#### CARERS NSW

Tel (02) 9280 4744  
betterstart@carersnsw.asn.au  
www.carersnsw.asn.au

#### CARERS NT

Tel (08) 8944 4888  
carersnt@carersnt.asn.au  
www.carersnt.asn.au

#### CARERS QLD

Tel (07) 3900 8100  
betterstart@carersqld.asn.au  
www.carersqld.asn.au

#### CARERS SA

Tel (08) 8291 5600  
betterstart@carers-sa.asn.au  
www.carers-sa.asn.au

#### CARERS TAS

Tel (03) 6231 5507  
betterstart@carerstas.org  
www.carerstas.org

#### CARERS VIC

Tel 03 9396 9500  
betterstart@carersvictoria.org.au  
www.carersvictoria.org.au

#### CARERS WA

Tel 08 9228 7400  
betterstart@carerswa.asn.au  
www.carerswa.asn.au

#### IBA PANG KONTAK PANG-IMPORMASYON:




Australian Government  
Department of Families,  
Housing, Community Services  
and Indigenous Affairs



tel 1800 242 636  
www.betterstart.net.au

CRE8IVE 12532-0113

TAGALOG



Alamin kung paano kayo makakakuha ng pondong aabot sa halagang **\$12,000** para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon at mga paggamot para sa karapat-dapat na mga bata

## ANO ANG MAHUSAY NA PAGSISIMULA? (BETTER START)

Ang Better Start ay isang inisyatiba ng Pamahalaang Australia na pinondohan ng Kagawaran ng mga Pamilya, Pabahay, mga Serbisyong Pangkomunidad at mga Kapakanang Pangkatutubo (Department of Families, Housing, Community Services and Indigenous Affairs) (FaHCSIA).

Ang Serbisyo ng Pagrehehistro at Impormasyon (Registration and Information Service RIS) ay tumutulong sa mga magulang at tagapag-alaga sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa kanila tungkol sa Pagrehehistro sa Better Start at mga opsyon para sa maagang interbensyon.

Ang serbisyo ng RIS ay ibinibigay ng kwalipikadong mga tauhan sa Mga Asosasyon ng mga Tagapag-alaga (Carers Associations) sa bawat mga estado at teritoryo.

Ipinakikita sa mga ebidensya na ang tinarget na maagang interbensyon para sa mga batang may nararapat na mga kapansanan ay mahusay na naghahanda sa kanila para sa transisyon sa paaralan.

Ang mga batang nakarehistro sa Better Start ay maaaring makakuha ng pondong aabot sa halagang \$12,000 (hanggang sa pinakamataas na halagang \$6,000 bawat taong pampinansyal) upang ibayad sa mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibinibigay ng Mga Rehistradong Tagapagbigay-Serbisyo.

Ang mga pamilyang nakatira sa panlabas na rehiyon o malalayong mga lugar ay maaaring maging karapat-dapat para sa karagdagang isang beses na bayad pansuporta na halagang \$2,000. Makatutulong ang bayad na ito sa dagdag na gastos katulad ng pagbiyahe at mga pagbisita sa bahay na may kaugnayan sa paggamit ng mga serbisyo.

**Tinatasa ang pagiging karapat-dapat sa dagdag na bayad na ito kapag kayo ay nagrehistro para sa Better Start.**

### Tungkol sa pondo.

Ang pondo ay maaaring gamitin upang ibayad para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibinibigay ng ibang mga propesyonal sa maagang interbensyon na mga miyembro ng Lupon ng Tagapagbigay-serbisyo ng Maagang Interbensyon sa Better Start .



Kabilang sa mga propesyonal sa lupon ngunit hindi limitado sa mga ito:

- mga speech pathologist
- mga audiologist
- mga occupational therapist
- mga pisiyoterapist
- mga psychologist
- mga orthoptist
- mga guro ng may kapansanan sa pandinig
- mga optometrist

## SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

Ang bata ay kailangang mababa sa edad na anim na taon at nasuring may isa sa sumusunod na mga kapansanan at tumutugon sa kinakailangang mga threshold, upang maging karapat-dapat para sa pondo ng Better Start.

**Naaangkop ang mga threshold upang maging karapat-dapat.** Ang mga threshold na ito ay pinagpasyahan ng FaHCSIA sa pakikipagkonsultasyon sa Ekspertong Grupong Sanggunian (Expert Reference Group) at pinagtibay ng Parliamentaryong Kalihim para sa may Kapansanan at mga Tagapag-alaga.

Lahat ng mga batang nakumpirmang may dyagnosis na may mga kapansanang nakalista sa ibaba ay karapat-dapat para sa Better Start.

Angelman syndrome  
Cerebral palsy  
CHARGE syndrome  
Cornelia de Lange syndrome  
Cri du Chat syndrome  
Down syndrome, kabilang ang mga may mosaic  
Down syndrome  
Fragile X syndrome  
Fragile X syndrome na may ganap na mutation, kabilang ang mosaicism.  
Kabuki syndrome  
Prader-Willi syndrome  
Smith-Magenis syndrome  
Williams syndrome.

## NAAANGKOP ANG MGA THRESHOLD SA MGA KAPANSANANG NASA IBABA:

### Kapansanan sa pandinig

Ang mga bata ay magiging karapat-dapat kung hindi sila nakakarinig sa parehong tainga na tumutugon sa alinman sa sumusunod na dalawang pamantayan:

- Ang tinatawag na permanent conductive o sensorineural na kawalan ng pandinig na tinatawag na four frequency average na kawalan ng pandinig\* na 40dBHL o mas mataas sa taingang may mahusay na pandinig.
- Nasuring Auditory Neuropathy Spectrum Disorder sa parehong tainga

\* Ang tinatawag na four frequency average na kawalan ng pandinig ay kumakatawan sa karaniwang mga threshold sa pandinig na nasa 500 Hz, 1000 Hz, 2000 Hz at 4000 Hz.

### Microcephaly

Ang dyagnosis na microcephaly batay sa bilog ng ulo na mas mababa sa pangatlong percentile at ang antas ng paggana na nasa o mababa sa 2 pamantayang mga pagbabago sa ibaba ng sukatan para sa edad sa Mga Iskala ng Griffiths para sa Pangkaisipang Pag-unlad o ng Mga Iskala ng Bayley sa Pag-unlad ng Sanggol.

### Kapansanan sa Paningin

Ang pagiging karapat-dapat sa threshold ng kapansanan sa paningin sa Better Start ay mas mababa sa o katumbas ng 6/18 o katumbas na lawak na kawalan ng paningin, sa mas mahusay na mata na ginagamitan ng pangwasto.

May naaangkop na mga kondisyon para sa mas batang mga anak at mga batang may ilan pang ibang mga kondisyon na nakakaapekto sa kanilang kakayahang makipag- kooperasyon sa panahon ng pagsusuri, kayat maaaring maging mahirap malaman ang eksaktong antas ng kapansanan. Kausapin ang inyong lokal sa Tagapayo ng RIS.

### Kawalan ng Pandinig at Paningin

Ang lahat ng mga batang may dyagnosis na kawalan ng pandinig at paningin na ginawa ng espesyalistang multidisyiplinaryong pangkat na kinabibilangan ng pagtatasa sa paningin at pandinig (kung gayon ang naaangkop na threshold ay hindi kinakailangan) ay magiging karapat-dapat.